# 1

"Thank you," walang kabuhay-buhay na tugon ni Jade sa guwardya na nasa main door ng building kung saan nag-oopisina ang *Mic & Khel Publishing Corporation*. Kinuha niya ang identification card na ibinigay niya rito bago siya pumasok kanina sa premises ng kompanya. Ibinulsa niya ang ID at lumakad na patungo sa parking lot kung saan nakaparada ang luma pero paborito niyang white *Toyota Corolla*.

Ilang beses na ba siyang lumabas ng building na iyon na bigo? She sighed at the thought. Puno ng sobrang disappointment ang kanyang dibdib.

She bowed her head and looked at the brown envelope that she was holding with both arms against her chest. Inside it was one of her manuscripts that failed to pass the evaluation—again. Pangatlong beses na siyang nagpasa ng kuwento sa *Mic & Khel* at na-reject.

Ilang taon na ba siyang nagsusulat? Mga tatlo o apat na yata. At kahit isa sa mga likha niya ay wala pang nailalathala.

Nadagdagan tuloy ang depression na nararamdaman niya. Parang lalong bumigat ang likod at ulo niya. Siguro nga, tama ang kaibigan niyang si Charity nang sabihin nitong hindi niya talaga destiny ang maging isang writer. Noon pa nito ipinapayo na magbago na siya ng career.

Noon pa man ay hindi na gusto ng kanyang ama ang linyang iyon. Kaya nang makatapos na si Jade sa kolehiyo ay saka niya ipinagpatuloy ang pangarap na maging manunulat. Hindi na siya naghanap ng ibang trabaho at walang nagawa ang daddy niya para pigilan siya. Siguro dahil nakatapos na rin siya sa pag-aaral at nasanay itong ibinibigay ang lahat ng gusto niya. Spoiled siya sa ama dahil only child siya at tanging natitirang alaala ng inang mahigit isang dekada nang sumakabilang-buhay.

At dahil nakikita rin nito na masaya naman siya sa napiling karera kahit nga wala pa siyang napapatunayan, sinuportahan siya nito. Ang suportang iyon ay pinansyal. Wala pang naipa-publish sa mga naisulat niya kaya wala pa rin siyang naipo-produce na pera mula sa 'trabaho' na pinasok. Mabuti na lang at ipinanganak siyang mayaman, kung hindi baka noon pa niya kinailangang i-give up ang pangarap at maghanap ng ibang trabaho. O di kaya naman, baka matagal na siyang namatay sa

gutom. Naisip niya tuloy, tama nga kaya ang mga desisyong nagawa niya? Once again, she sighed at the thought.

Pero mahal talaga niya ang pagiging manunulat. What could she do? It was her passion since childhood.

Magkaka-migraine si Jade sa mga naiisip kaya saglit siyang napapikit kasabay ng mahinang pagbuga ng hangin… na isang pagkakamali. Dahil nakayuko at nakapikit siya ay hindi niya napansin ang isang lalaking bumaba mula sa isang sasakyan at paliko ito sa direksyon niya. Huli na para makaiwas dahil bumangga na siya sa katawan nito.

Napaatras si Jade at muntik na ring mapaupo sa pavement. Mabuti na lang nakapagbalanse siya kaagad. Para siyang bumangga sa pader dahil bukod sa matangkad ang lalaki ay malapad din ang mga balikat nito. Halatang hindi nito inaasahan na may makakabungguan ito at babae pa.

Medyo naka-recover na siya pero hindi pa rin niya magawang mag-react. Hindi niya alam kung dahil ba sa pagkabigla o sa nakikitang kaharap na lalaki.

He was tall and huge. He could be over six feet in

height. And very suddenly, she felt weak and utterly feminine because the man was oozing with so much sex appeal. Nakasuot ito ng slacks at checkered polo in dark blue and black na hindi na gaanong maayos ang pagkaka-tuck-in sa pantalon. Nakatupi ang dalawang manggas ng polo at nakabukas ang ilang butones niyon sa dibdib nito.

Wavy ang buhok nitong clean cut. Hindi ito maputi pero hindi rin maitim. Hindi matatawag na guwapo, but definitely not ugly. Matangos ang ilong nito na parang inukit ng isang iskultor. His eyes were dark brown and aside from those, his other facial features were quite ordinary. But she was sure, his face had a very strong character.

"Damn!" he swore under his breath. Muntik nang mapasinghap si Jade nang marinig iyon. Nang tingnan niya ang mukha ng lalaki ay nakakunot ang noo nito habang nakatingin sa kanya. At parang gusto niyang lumubog sa kinatatayuan nang mapagtanto ang dahilan ng pagkairita nito. Obvious na obvious nga naman ang ginawa niyang pagkilatis sa kabuuan nito.

Para siyang fan na na-starstruck sa idolong artista. Nakabuka pa nang kaunti ang mga labi niya. Hindi tuloy siya makatingin nang derecho sa kaharap.

Sa sobrang kahihiyan at inis sa sarili, pakiramdam ng dalaga ay naparalisa ang buong katawan niya. Nang sulyapan niya ang lalaki, nakita niyang napapailing ito nang yumuko at may dinampot sa semento. Nang makatayo nang tuwid ay may hawak na itong folder. Hindi pa rin siya makatingin sa mukha nito.

"Are you going to stand here all day?" puno ng kasupladuhang tanong nito.

She looked at his face. "Huh?" Hindi niya maintindihan kung bakit hindi niya kaagad naunawaan ang ibig sabihin nito. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Dahil lang sa lalaking ito ay nagiging slow na ang brain niya.

*Diyos na mahabagin! Sobrang kahihiyan na ang inaabot ko sa harap ng taong ito*, piping reklamo ni Jade.

Before she could utter anything, the 'guy from Olympus' started to walk away. Pero bago ito makalayo nang tuluyan ay naulinigan pa niya ang huling tinuran nito: "Why do I have to suffer like this? The world is full of morons!"

Magkasabay na nagpanting ang kanyang mga tainga at nanlaki ang mga mata sa insultong natanggap. Ganoon pala ang tingin sa kanya ng

kumag! The pig!

Kung kanina ay punung-puno siya ng paghanga para rito, ngayon naman ay mabilis pa sa kidlat na nag-evaporate ang lahat ng iyon kasama ng sobrang inis at kahihiyan para sa sarili. Napalitan na iyon ng nag-uumapaw pa ring inis pero para na sa antipatikong lalaki. Hindi lang siya nainsulto sa sinabi nito, ngunit higit sa paraan ng pagsasalita nito. She could sense it in his voice and that made her feel like she was something so irritating and… disgusting. Hindi niya alam kung imahinasyon lang iyon.

Humanda si Jade para singhalan ang lalaki, pero nang lingunin niya ang direksyon kung saan ito nagtungo at kung saan din siya nanggaling kanina ay ilang metro na ang layo nito sa kanya. Kaya nagkasya na lang siyang tingnan ito nang masama habang palayo. Hindi tamang mag-aksaya siya ng laway at lakas para maghuhumiyaw sa likod ng lalaki. Hindi niya gugustuhing gumawa ng eksena at ipahiya ang sarili.

*But mind you, he's got nice butt…* anang naughty side niya. Naipilig niya ang ulo sa naisip. Ano ba itong naiisip niya? *You're going crazy, Jade…*

And before she could lose her sanity, she

decided to proceed to her car. Pero bago pa man siya makahakbang ay napansin niya ang brown envelope at ang coupon bonds na laman niyon na nakakalat sa semento. Nabitiwan pala niya kanina ang hawak. And worse, nilipad na ng hangin ang ilang puting papel at pumunta sa ilalim ng mga nakaparadang sasakyan. Sa sobrang depression ay pinagtatapakan niya muna ang mga papel bago sinamsam ang lahat ng maaabot lang ng mga kamay.

Hay, naku! Huwag lang iaadya ng tadhana na pagtagpuin muli sila ng unggoy na iyon at siguradong magaganap ang Ikatlong Digmaan sa buong kasaysayan ng daigdig!

MAGKAHALONG INIT NG ULO at ng panahon ang nararamdaman ni Jade nang makarating sa kanilang bahay. Nagtuluy-tuloy siya sa paglakad patungo sa malaking hagdanan at nasa kalagitnaan na niyon nang marinig ang pagtawag ni Diday. Nakasimangot na nilingon niya ang katulong na nakatayo sa paanan ng staircase.

"Tumawag kanina si Mrs. Mullo. Hindi ka daw niya kasi makontak sa cellphone kaya dito tumawag," anito. Biglang nag-iba ang mood niya sa narinig at tila gumaan nang kaunti ang loob.

"Ano'ng sabi?" tanong niya.

"Ibinilin niya sa 'kin na sabihing tawagan mo siya pagdating na pagdating mo. May good news daw siya sa 'yo."

Para siyang nakainom ng isang drum na energy drink sa huling sinabi nito. Hindi na siya nagtanong pa at walang lingon-likod na inakyat ang natitirang mga baitang at nagmamadaling tinungo ang kanyang silid.

Si Mrs. Mullo o 'Ate Minda' kung tawagin niya ay ang isa sa mga leaders ng non-government organization kung saan ginugugol niya ang malaking bahagi ng kanyang oras—ang *Angel's Foundation*. Tumutulong ito sa mga kapus-palad lalo na sa mga batang nagbabanat na ng buto sa murang edad at hindi nakakatuntong sa paaralan. Nagsimula ang ganitong adhikain niya nang mamatay ang kanyang mommy. Ang ina ang talagang may malaking puso sa pagtulong sa masa noong nabubuhay pa ito. Madalang pa nga siyang sumama rito sa tuwing pupunta ito sa foundation, pero nang makita niya ang maraming taong nakipaglibing at tumatanaw ng utang-na-loob sa mommy niya ay nabuhay sa kanyang puso ang kagustuhang tumulong. Hindi dahil gusto niyang maraming tao ang nagpapasalamat sa kanya, kundi

dahil naisip niya na marami pang nangangailangan ang naiwan ng kanyang ina.

Naging kabilang siya sa mga volunteers na nagtuturo tuwing Sabado at Linggo sa mga batang hindi marunong bumasa at sumulat. Sa klase niya ay halo-halo ang edad ng mga estudyante.

Para sa kanya, isang napakalaking achievement kahit na wala siyang nakukuhang suweldo mula roon. Pakiramdam niya sa bawat letra na natututuhan ng mga bata at sa bawat salitang nabibigkas ng mga ito ay katumbas ng isang gold bar. She had found fulfillment in helping and sharing her knowledge to others, especially, to the less fortunate ones.

At kung pinipilit ni Mrs. Mullo na kontakin siya at ibinilin pang tawagan niya kaagad, siguradong malaking balita ang sasabihin nito.

"Good morning, Ate Minda!" masayang bati ni Jade sa babae na sinagot kaagad ang tawag niya matapos lamang ng dalawang ring.

"Jade, kanina pa kita tinatawagan sa cellphone mo," tugon nito.

"Na-low batt po kasi ang cellphone ko," paliwanag niya. "But anyway, I heard you have some good news," excited na dugtong niya.

"Yes, hija. Hindi na ako makapaghintay na sabihin sa 'yo hanggang Sabado. Nasabi ko na rin ito sa iba pa." Napansin niyang lalong sumaya ang boses ng babae. "Tumawag kasi ang isang malaking kompanya, hindi ko pa puwedeng sabihin ang pangalan pero gusto daw nilang mag-sponsor sa pagpapatayo ng eskuwelahan para sa mga batang tinutulungan natin."

Halos lumundag ang kanyang puso sa narinig na magandang balita. "Wow! Ang galing naman po!" Iyon lang ang nasabi niya sa sobrang katuwaan.

"Oo nga at huwag nating kalimutang magpasalamat sa Diyos para sa blessing na ito. We're going to have a meeting with the company's representatives tomorrow kaya sigurado na ang project na ito."

"That's really great news! Ibig sabihin, mas marami na tayong mga batang puwedeng tulungan."

"Precisely, hija. Excited na ako sa school na ipapatayo," tuwang saad ng ginang.

"Me, too. Puwede ko na po bang sabihin sa mga bata ang tungkol dito sa Sabado?" tanong niya. Hindi na siya makapaghintay na ibalita iyon sa klase niya. Siguradong lalong sisipagin ang mga ito na

mag-aral.

"Huwag muna, Jade. Hintayin muna nating matapos ang meeting natin bago sabihin sa kanila," ani Mrs. Mullo.

Na-disappoint siya nang kaunti pero naintindihan naman niya ang punto nito.

"Sige, nasabi ko na ang magandang balita. Kailangan ko nang ibaba ang telepono at may kakusapin pa ako. 'Bye," paalam nito.

"Okay po, 'bye. Thank you din." Magaan ang loob na pinutol na ni Jade ang linya. Hindi na siya nalulungkot ngayon sa pagkaka-reject ng kanyang manuscript. Parang nabuhayan pa siya ng loob at nagkaroon ng pag-asang sumulat muli ng isa pang istorya. Inspired siya ngayon kaya siguradong makakagawa siya ng maganda.

"Ma'am, kakausapin ka daw ng daddy mo sa study," ani Diday na kagagaling lang sa second floor ng bahay.

"Okay, pupunta na ako," masiglang tugon niya.

Naisip niya, hindi rin naman pala malas ang araw niya ngayon, kahit may antipatikong lalaki siyang nakabangga. Hindi bale, siguradong kakarmahin

din iyon!

Lumabas na siya ng silid at tinungo ang study. Ano naman kaya ang sasabihin ng daddy niya?

# 2

Napatingin si Nick kay Fabian nang pumasok siya sa opisina nito. Hindi ito nagulat kahit hindi siya nag-warning knock. Prente pa nga itong nakaupo sa swivel chair sa likod ng malapad na mesa. Alam nitong bibisita siya sa opisina nito na nasa tenth floor ng *Carillo Corporate Centre*. Nick owned the whole building and was occupying the entire top floor. Ang iba namang palapag ay inuupahan ng iba't ibang kompanya.

"What took you so long? 'Kala ko ba nasa parking lot ka na noong huli kang tumawag," anito habang kinukuha ang inaabot niyang folder. Nagkibit-balikat lang si Fabian bilang sagot saka naupo sa malapit na settee. Komportable niyang isinandal sa backrest ng malambot na upuan ang likod at ulo para ma-relax. He was so tired—physically and emotionally.

"What do you want to drink?" alok nito.

"Nothing," maikling tugon niya. Hindi na rin siya inusisa pa ng kausap; abala na ito sa pagtingin sa mga papel na nasa folder na inabot niya.

"Hindi mo talaga tinigilan ang mga taong 'yon,

brod," ani Nick makalipas ang ilang sandali. Ang tinutukoy nito ay ang mga may-ari ng lupang nasa paligid ng plantasyon niya sa Batangas. Noon pa niya nililigawan ang mga ito na ipagbili sa kanya ang mga lote para makapag-expand siya. Hindi naging madali ang pagkumbinsi pero nitong huli ay nagtagumpay rin siya.

Isa ang plantasyon sa mga negosyong naitayo niya sa sariling pagsisikap nang di tumanggap ng anumang tulong mula sa kanyang lolo. Ito rin ang 'latest baby' niya—meaning, isa sa mga bago niyang negosyo sa malawak niyang emperyo.

"I need those lands to expand my plantation," paliwanag ni Fabian. Nang magmulat siya ay hindi na hawak ni Nick ang mga titulo ng lupa. Prenteng nakapatong ang mga braso nito sa armrest ng swivel chair at seryosong nakatingin sa kanya. "Pero nahirapan din ako sa kanila. Lalo na kay Mr. Orense, he's a tough old man. And I must admit, he earned my respect. Ang lupa nga niya ang huli kong nabili."

There was evidence of pride in his voice. Of course, he was proud. Maraming nagsasabi sa kanyang hindi matatawaran ang kakayahan niya sa pagnenegosyo. May Midas touch daw siya roon. At ang isa sa mga very vocal sa pagpuri sa kanyang

abilidad ay ang best brod niya, si Nick.

"Brod, congratulations! You did a job well done," masayang anunsyo nito. Sincerity was evident on his face.

"Thanks," tugon ni Fabian. Pero may pakiramdam siyang may iba pa itong gustong sabihin o pag-usapan. At hindi nga siya nagkamali.

"Sobrang yaman mo na. Sa dami ng pag-aari mo, wala ka bang balak mag-produce ng tagapagmana? You're not getting any younger," anito. Hindi inaasahan ni Fabian iyon. Ang huling beses na nabuksan ang ganoong topic sa pagitan nila ay noong mga panahong bagong kasal si Nick kay Aleli. And that was two years ago. Nabubuo tuloy ang hinala niyang may kinalaman doon ang abuelo.

"Ikaw din naman, Nick, mayaman na mayaman na," turan na lang niya sa kawalan ng masasabi. Hindi siya nakatingin sa kaibigan. He was staring at the door, hoping for a nuisance to interrupt their conversation. Narinig niya ang marahang pagtawa ng kausap.

"I know I'm not getting any younger, either. But I am contented and secured with Aleli, and very happy for having a smart son." Hindi naitago ang

saya ng kanyang kaibigan nang banggitin ang asawa at anak. “Hindi ka ba naiinggit sa ’kin?” pahabol pa nito.

And it did hit him! Sinungaling si Fabian kung itatanggi niyang nanaghili siya rito, lalo na kapag nakikita niya si Gello, Nick’s two-year-old son.

May plano naman siyang mag-asawa at magkaanak. Para saan pa ang mga pinagsikapan niya kung hindi? Hindi rin problema ang busy schedule niya. Wala pa lang talaga sa plano niya sa ngayon ang pag-aasawa. He was contented with his life, being an eligible bachelor—flirting and having relationships with different women. He was sure, everybody would be surprised when they hear his reasons. Lalo na at aminado siyang hindi na siya bumabata. He was thirty-four. Kahit ang ibang kakilala niyang lalaki ay pinapayuhan na rin siyang mag-asawa na.

“Brod, don’t give me that sh*t that you’re not yet ready to settle down. I won’t buy it,” untag ni Nick nang hindi pa siya nagsasalita.

“Precisely one of my reasons. At wala akong magagawa kung hindi ka naniniwala,” tugon ni Fabian.

"Oh, come on…"

"Look, hindi gan'on kadali ang magpakasal. Ano'ng gusto mo, pumulot na lang ako d'yan ng kung sinong babae at dalhin sa altar?" paliwanag pa rin ni Fabian. Hindi na siya komportable sa pag-uusap na ito lalo na at mukhang hindi naman siya naiintindihan ng kaibigan. "And I'm a busy person, you know that," dugtong pa niya bago ito makapagsalita ulit.

"Busy? Pareho lang tayong abalang tao, pero hindi tulad mo, pamilyado na ako. At napakarami pang abalang tao sa mundo pero nakabuo pa rin sila ng pamilya. Saka busy ka 'ika mo? So, paano mo pa nagagawang makipag-date ng iba't ibang babae?" Nakakalokong ngumiti ito nang hindi siya kaagad makasagot. Hindi rin niya magawang tumanggi sa sinabi nito dahil totoo iyon.

"Brod, wala akong magagawa kung ginusto ng tadhana na sa kabila ng kaabalahan mo ay dumating sa buhay mo si Aleli. Nagkakilala kayo, na-in love, nagkahiwalay pero sa bandang huli ay kayo pa rin ang nagpakasal. At wala rin akong magagawa kung bakit hindi pa dumarating sa buhay ko ang babaeng para sa akin," mula sa kung saan ay nasabi ni Fabian sa kawalan ng maikakatuwiran.

"I didn't know you believe in fate and… destiny," komento nito. At muli ay ngumiti ito nang nakakaloko. Halata ni Fabian na nagpipigil lang itong matawa nang tuluyan dahil siguro sa mga huli niyang sinabi. Gusto na tuloy niyang mairita. Nitong huling mga araw ay nagiging bad-tempered siya.

"That's totally out of the question," he frowned.

Nahalata siguro ni Nick na napipikon na siya kaya sumeryoso na ito. But it seemed, he was still enjoying their conversation.

"Okay, okay, but think about it. Advice ko lang —"

"Teka nga muna, kinausap ka ba ni Lolo?" he interrupted.

"Si Uncle Freddie? No. Why would he do that? At ano naman ang sasabihin niya sa akin? The last time I saw him was almost a month ago and we barely talked that time. Bakit mo naitanong?" Nakakunot ang noo ni Nick habang nakatingin sa kanya.

Pinag-aralan ni Fabian ang mukha ng kaibigan. Puzzled ang expression sa mukha nito at parang hindi nagda-drama lang. Sigurado siya dahil isa siya sa iilang tao na pag kaharap ng lalaki ay nagiging transparent ito. Hindi magaling si Nick na magtago

ng tunay nitong nararamdaman kapag siya ang kaharap o kaya ay ang asawa nito.

"He wants me to get married," he said simply. Biglang umasim ang kanyang mukha nang maalala ang pagtatalo nila ng abuelo nang minsan niya itong dalawin sa bahay nito sa Greenhills.

"Bakit ganyan ang mukha mo? Tama lang na hilingin ni Uncle Freddie na mag-asawa ka na, lalo sa edad mo. Hindi kita maintindihan, brod. Wala ka namang history ng bad experiences with women para ma-trauma ka," exaggerated na hayag nito.

Hindi pinansin ni Fabian ang huling sinabi ni Nick. "Gusto niya akong magpakasal sa anak ng kumpare niya," walang-gatol niyang anunsyo.

"What!" bulalas nito. "Hindi na uso ngayon ang arranged marriage."

"I'm serious. At kung tatanggi ako ay hindi sa 'kin ipapamana ang villa at hacienda," patuloy niya.

"Hindi naman siguro magagawa ni Uncle 'yon," sabi ni Nick na alam kung gaano kahalaga para sa kanya ang villa. "Siguradong hindi niya matitiis na hindi sa 'yo mapunta ang mga iyon kahit tumanggi ka."

"You know my grandfather very well, Nick. Hindi siya titigil hangga't hindi nakukuha ang gusto niya."

Hindi nakasagot ang kaibigan. Pinag-iisipan siguro nito ang dapat sabihin sa kanya. Mukha ring tinitimbang nito ang ipinagtapat niya.

"Naiintindihan ko na. Kilala ko nga'ng ugali ng lolo mo," tatangu-tangong saad nito mayamaya. Sa tingin ni Fabian ay naiintindihan talaga siya ng kausap at mukhang nakuha pa niya ang simpatya nito. "Ano'ng balak mo ?" he asked.

Nagkibit-balikat siya. "I don't know. But the last time we talked, he gave me a chance to 'produce' a fiancée until his ultimatum. 'Yun ay kung ayaw ko daw sumunod sa gusto niya."

"'Yun naman pala. Kailan ang ibinigay na ultimatum ng lolo mo?" tanong nito na mukhang mas interesado na sa topic ngayon kaysa kanina.

"Next week. At wala akong maihaharap na babae kay Lolo," tugon niya.

"Next week na?" bulalas nito. Tumango siya. "At bakit wala kang maihaharap na babae sa abuelo mo? Ang dami mong pinaparadang babae 'tapos wala?" di-makapaniwalang sabi ng kaibigan. Inungusan niya

lang ito. “Okay. Kung ayaw mo silang seryosohin, di sana pumili ka na lang ng isa sa kanila ’tapos i-hire mo. Siguradong maraming willing na tanggapin iyon. Gumawa kayo ng kontrata. Bayaran mo ’yung babae then after two years, ipa-annul n’yo ’yung kasal. Basta magaling lang kayong umarte, walang mahahalata si Uncle Freddie.”

Fabian could see determination on Nick’s face. Para tuloy ito ang ipinagkakasundo at hindi siya.

“Para namang maloloko natin si Lolo. And, brod… I don’t want any commitment or deal with those women, especially when it comes to marriage… kahit pa fake. You can’t trust them that much,” paliwanag niya.

“Then, why are you dating them?”

“Pure fun, sex and flirting…” he replied with mischief.

“User,” akusa nito.

Natawa lang si Fabian. Between the two of them, Nick was the good guy. One-woman man ito, hindi tulad niya na isang dakilang playboy.

“You can’t blame me, brod. If you’ll just meet those women, ang tingin nila sa ’kin ay peso sign

na naglalakad. They're deadly if you're not careful," dagdag pa niya.

"I think you're just being paranoid. Kaya ka siguro hindi pa nakakapag-asawa. Magpakasal ka na lang sa babaeng inirereto ni Uncle Freddie," napapailing na komento nito.

Fabian just shrugged his shoulders and smiled. He was sure it was not just pure paranoia. Hindi siya manhid para hindi mahalata ang tunay na motibo ng mga babaeng lumalapit sa kanya. They were not only attracted to his good looks but also to the luxury and influence associated to his name. Minsan nga, iyong mismong babae na ang umaamin sa kanya.

Isa rin iyon sa mga rason kung bakit hindi pa siya lumalagay sa tahimik. Of course, he would love to marry someone who could look straight to his eyes and heart, and not through his pocket.

"Or look for someone moron enough to agree to your odd plan…" narinig niyang payo ni Nick matapos nitong manahimik.

*Moron*… Bigla tuloy naalala ni Fabian ang babae kanina sa parking lot. If his friend was right and he needed someone moron enough, then, papasa ang babae na magpanggap na asawa niya.

*Sayang… maganda siya kaya lang eengot-engot*, anang isipan ni Fabian.

Pero wala nang balak ang binata gumawa ng palabas sa harap ng abuelo. Balak niya ngayong makilala at makausap ang babaeng nais ipakasal sa kanya ni Señor Frederico Contez. Magbabakasakali siyang magkakasundo at magkakatulungan sila ng dalagang pinili nito para sa kanya.

# 3

Nahugot ni Jade ang hininga nang marinig ang pagkatok sa pinto ng silid niya. Hindi na niya kailangang itanong pa kung sino ang nasa labas ng kuwarto. It was her father. She knew her dad very well, even the smallest things like the way he knocked on her door.

But that was before.

Pakiramdam niya kasi ngayon ay hindi na niya ito kilala. But she did not want to break her father's heart. He was a gentle and loving person. And she loved him, too.

Pero nitong huli ay nagkaroon sila ng alitan dahil sa ilang desisyon ng ama na hindi niya lubos maunawaan. Naayos din naman iyon. Kaya lang napatunayan niya ngayon na mayroon pa siyang tampo rito sa kabila ng pagsang-ayon na niya sa kagustuhan nito.

"Come in," she said in a low voice.

She was sitting on a stool in front of her dresser. At mula sa salamin ng tokador ay nakita niya ang pagpasok ni Eleuterio Escaler. He was a bald and

plump man. 4'11" lang ang taas nito at nasa mid-sixties na ang edad. Nakasuot ito ng pulang *Lacoste* collared shirt na naka-tuck in sa gray slacks.

"You're ready, Jade?" alanganing tanong nito sa kanya. She just nodded. Pinili niyang huwag tingnan ang daddy niya. Ayaw rin niyang makita nito ang tampo sa kanyang mga mata. She still cared for him, especially now that his health condition was delicate.

"I just came to check on you. Ipapatawag na lang kita kay Diday kapag dumating na ang mga bisita natin," sabi ni Mr. Escaler na nakatayo lang sa gitna ng silid at mukhang nag-aalangang lumapit sa anak. Alam ni Jade na tinatantya siya nito at sa likod ng masayahing mukha nito ay siguradong nag-aalala ito para sa kanya.

At iyon ang ayaw niya: ang mag-alala ang matanda. So, when she turned to face him, she was already smiling.

"Okay, Dad, ipasundo mo na lang ako kay Diday," sang-ayon niya sa magaan na tinig. Dahil doon ay tuluyan nang lumapit sa kanya ang ama, then kissed her on the forehead. And she was relieved to see him happier as he left her room.

Jade sighed. She suddenly remembered the conversation she had with her best friend five days ago…

*"How's Tito Eli?" tanong ni Charity, her best friend for fifteen years. Nakaupo siya sa sahig ng study nang dumating ang babae kaya sumalampak na rin ito ng upo sa harap niya.*

*"He's fine. He's resting in his room right now," aniya. Kaagad namang nabura ang pag-aalala sa mukha ng kaibigan. Alam ni Jade na genuine ang simpatya nito para sa kanyang ama.*

*Charity was already a part of their family. She was like a big sister to her. Their age gap was only two years. Pero magkasundung-magkasundo sila kahit na hindi sila masyadong nagkakasama sa school noong nag-aaral pa dahil nga nauuna ng dalawang taon sa kanya si Charity. But despite that, nakakahanap pa rin sila ng oras para makapag-bonding.*

*"Thank God…" maluwag ang hiningang sabi nito. "Napaka-delicate talaga ng health ng daddy mo dahil sa heart ailment niya… Ano ba'ng nangyari?"*

*"Nanikip ang dibdib niya kahapon kaya isinugod agad namin sa ospital. Tumaas ang blood pressure niya. Sinabi nga ng doctor niya, mabuti daw at*

*nadala agad namin si Daddy d'un kaya nai-stabilize ang kalagayan niya. Hindi na nga siya ipina-confine," paliwanag ni Jade.*

*"Mabuti naman at gan'on lang…" anang kaibigan.*

*"Ang sabi pa sa 'kin ni Dr. Quintana, hindi dapat ma-stress ang pasyente while under medication. Dapat maiwasan na makaramdam ng strong emotion si Daddy dahil…baka fatal na ang susunod na atake." Halos ayaw lumabas sa bibig niya ang huling mga salita. She did not even want to think about it.*

*"Marami bang problema sa negosyo si Tito?" she asked.*

*"Hindi naman nawawalan ng mga problema ang kahit anong kompanya," tugon ni Jade. Iniisip siguro ni Charity na stressed out ang ama niya dahil negosyo nila. "The truth was, we had an argument," paglalahad niya. Walang reaksyon mula sa kaibigan. Nakatingin lang ito sa kanya at hinihintay siyang magpatuloy.*

*"Chari, do you remember the thing I've told you before, about this promise my dad and his close friend made the time I was born?" pagsisimula niya.*

*"'Yung ipapakasal ka sa apo ng kaibigan ng*

*daddy mo? Yeah, pero noon pa 'yun, ah. Saka sabi mo, nagbibiro lang si Tito Eli," bale-walang anito.*

*"Well, I thought it was just a joke." Nagbaba siya ng tingin at tinitigan ang mga kuko sa paa. "Seryoso pala si Daddy d'un," she added.*

*"That was unfair!" Charity exclaimed. Pero isang segundo lang yata ay nagbago uli ang expession nito. Mukhang naging mapaghinala. "Teka nga, baka naman nagdadrama ka lang? Kukutusan kita!" biglang bawi ng kaibigan. Nananantya ang tingin nito nang mag-angat siya ng paningin dito.*

*"Sana nga imahinasyon ko lang ang lahat. Pati na rin 'yung atake ni Daddy."*

*"Pero walang karapatan si Tito na ipakasal ka sa lalaking hindi mo mahal kahit na siya pa ang ama mo," giit nito matapos matantong hindi biro ang lahat.*

*"I know," walang kabuhay-buhay na tugon ni Jade. Nanahimik na lang siya pagkatapos ng huling sinabi. Tahimik din si Charity at mukhang nag-iisip base sa pagkakakunot ng noo nito.*

*"Wait lang, bakit ang daddy mo yata ang inatake?" usisa ng kaibigan matapos ang pananahimik nito. "Kung tutuusin, ikaw dapat ang naaltapresyon."*

*At bigla rin ang pagbaha ng guilt sa kanyang puso. "I shouted at him," Jade confessed.*

*"Sinabi na nga ba. What did you say?"*

*"Horrible things. I told him he was being unfair. And—"*

*"And that was the truth!" segunda nito.*

*Hindi niya iyon pinansin. Muli ay pinili na lang niyang titigan ang mga kuko sa paa. "Nadala ako ng galit. Sinabi ko kung ipipilit niya ng gusto niya, I'm going to hate him. And I told him he was really being selfish. And I don't want to see him ever again."*

*Parang sasabog ang dibdib ni Jade matapos magsalita. Marami pa siyang sinabing masasakit sa ama, pero ayaw na niyang ulitin pa lahat kahit alam niya na hindi naman siya huhusgahan ng kaibigan dahil lang doon.*

*"You were rude," Chairty said softly.*

*"I'm guilty of that. And I've just realized to myself I've been a brat to my father so many times. I'm really sorry," she said sincerely and miserably.*

*"Sinabi mo na ba iyan sa kanya?" tanong ng kaibigan.*

*"Kinausap ko na siya kaninang umaga. Ilang beses nga akong nag-sorry. I said that I'm going to cooperate from now on," aniya. Naalala niya ang pag-uusap nilang mag-ama. She cried to her father. Pero gumaan naman ang loob niya matapos makita ang saya sa mukha nito.*

*"So, you're gonna marry the grandson." Mas masasabing statement iyon kaysa tanong mula kay Charity.*

*"Not exactly marry the guy. I'll think about it. Twenty-first century na ngayon, I'm sure tututol din 'yung lalaki. Sino ba'ng gustong magpakasal sa taong hindi mo pa nakikita o nakikilala man lang?" paliwanag ni Jade.*

*"And how about your dad? You've already agreed to his wish, di ba?" anito na nakahanap ng butas.*

*"Sinabi ko lang 'yon, ano ka ba! Ang plano ko ngayon ay makilala ang groom-to-be ko, then I'll talk to him."*

*"So, paaasahin mo lang si Tito. Eh, ano naman ang pag-uusapan n'yo n'ung fiancé mo kuno?"*

*"Maybe I'll persuade him to either back out or cooperate with me. Hindi ko alam kung paano gagawin iyon basta hindi dapat matuloy ang kasal,*

*at hindi ako ang lalabas na umayaw," lahad ni Jade sa plano. Buong magdamag siyang nag-isip noong nakalipas na gabi sa dapat na gawin. Ilang beses pa ngang nagpaikut-ikot ang utak niya kung iyon ba talaga ang tamang gawin.*

*"I hope it'll work," alanganing tugon ng kausap. Hindi rin ito masisisi ni Jade dahil kahit siya ay hindi sigurado sa sariling balak.*

*"Iyon lang ang naiisip ko sa ngayon. My dad almost had a heart attack and I don't want to depress him or hurt him again, at any reason." She felt so helpless.*

*"I understand," Charity told her sympathetically. "And whatever your decision is, resbak mo 'ko," dugtong pa nito bilang pagkonsola sa kanya.*

*She said nothing but smiled at her best friend…*

# 4

“Ma’am, bumaba na daw kayo, sabi ni Sir,” anunsyo ng maid nila nang sumungaw ang ulo nito sa pintuan ng silid ni Jade.

“Sige, susunod na ’ko,” aniya kay Diday na kaagad ding nawala sa paningin niya. Binalikan niya ang kausap sa cordless phone na hawak.

“Hey, Charity, I’ll call you up some other time na lang, okay? Nandito na’ng mga bisita,” paalam niya.

“Okay. Good luck to you,” anang best friend niya bago nawala sa kabilang linya. Pinindot na rin niya ang end button saka hinagis sa kama ang aparato.

Nang iwan siya ng ama kanina ay tinawagan niya ang babae para humingi ng moral support at para mawala rin ang kaba sa dibdib. Nakatulong si Charity dahil pakiramdam niya ngayon ay mas confident siya.

Bago lumabas ay humarap siya sa life-size mirror at pinasadahan ng tingin ang kabuuan. She was wearing a black sleeveless dress. Straight-cut at closed-neck ang yari ng damit. Above the knee ang haba niyon na itinerno niya sa suot na strappy

sandals na two inches ang takong. Ang mahabang buhok na natural ang pagkakakulot ng mga dulo ay itinaas lang niya at itinali sa likod ng ulo. Tanging isang pares ng pearl earrings ang suot niyang alahas na nag-compliment sa kanyang suot. Lalo siyang nagmukhang sopistikada at elegante. Kaunting lipstick at face powder lang ang kolorete niya sa mukha dahil natural na rosy ang cheeks niya at bright ang mga mata.

"You're stunning, Jade…" nakangiting puri niya sa repleksyon saka nasisiyahang lumabas ng kuwarto.

Hindi sa gusto niyang magpa-impress sa mga panauhin nila ngayon kaya lang ayaw rin niyang mapahiya ang ama. Isa pa, ayaw niyang masira ang iniingatang imahe. She was raised as a decent and fine lady. Iyon nga lang, marami ring pagkakataong immature siya at pabigla-bigla kung kumilos.

Pero naisip ni Jade, hindi kailangang mag-ayos siya nang husto para magpasikat dahil inborn ang kagandahan niya. Hindi uso sa kanya ang false modesty. Confident siya pagdating sa pisikal na anyo. Marami kasing nagsasabi sa kanyang maganda siya.

At utang-na-loob niya iyon sa yumaong ina na talaga namang hinahangaan sa taglay na

kagandahan.

Natapos lang ang pagmumuni-muni niya nang nasa gitna na siya ng grand staircase. Mula roon ay hindi pa niya matanaw ang living room kung nasaan ngayon ang mga bisita. Pero dinig niya ang boses ng kanyang ama at ni Mr. Contez.

Matalik na magkaibigan ang dalawa pero iilang beses pa lang niyang nakita at nakausap ang matandang lalaki. Madalang kasing pumunta sa kanila si Uncle Freddie. Iyon ang tawag niya rito, ayon na rin sa kagustuhan nito. At sa iilang okasyon na nakakasalamuha ni Jade ang matanda ay napatunayan niyang likas ang kabutihan nito. Masayahin ito at laging nakangiti. But despite the happy aura, she could not help noticing the authority on his face. And it was not really surprising, natural na siguro iyon sa mga sobrang yaman at maiimpluwensyang tao.

Hindi makikita ang ganoong personalidad sa daddy niya. Dahil kapag tiningnan ang ama ay si *Santa Claus* ang maiisip ng kahit sino. Isa pa, mayaman nga sila pero hindi sila bilyonaryo tulad ni Uncle Freddie. Pero sigurado siyang hindi dahil sa yaman o koneksyon kaya naging matalik na magkaibigan ang dalawang lalaki.

Malapit na siya sa sala at tanaw na niya ang ama na nakaupo sa isang single seater paharap sa direksyon niya. Masayang nag-uusap ito at si Uncle Freddie na nakapuwesto naman sa mahabang sofa katabi ang isang lalaki, na siguradong siyang apo nito.

Walang alam si Jade sa lalaki maliban sa pangalan nito. Ni hindi niya alam ang hitsura nito. Kahit ngayon, dahil parehong nakatingin sa daddy niya ang maglolo at nakatagilid pa. All she could see now was his nice physique. Pero kung ang pagbabasehan ay si Uncle Freddie na hindi matatawaran ang kaguwapuhan noong kabataan, siguro naman may hitsura ang apo nito.

"Nandito na pala si Jade," masayang anunsyo ni Eli nang mapansin ang palapit na anak. Mabilis na inipon ng dalaga ang lahat ng poise at ubod-tamis na ngumiti.

Kasabay ng pagtayo ng daddy niya ang paglingon ng mga kausap nito sa kanyang direksyon. Tumayo na rin si Uncle Freddie nang makita siya pero hindi ang katabi nito.

Pakiramdam ni Jade ay tinakasan siya ng lahat ng baong composure at muntik nang mauwi sa ngiwi ang ngiti niya. Mabuti na lang nakalamay niya

kaagad ang kalooban.

*Suscalamidad!* anang isipan niya nang makita ang lalaking katabi ni Uncle Freddie. Pinaglalaruan ba siya ng kapalaran? *Ang ungas na iyon ang…? Oh, my God!*

"You're getting more prettier everyday, hija," magiliw na bati ni Señor Frederico nang makalapit siya sa mga ito. Mabini naman niyang idinampi ang pisngi sa pisngi ng matanda bilang pagbati at pasasalamat na rin.

"And you're getting younger and younger everytime I see you, Uncle Freddie," balik niyang papuri sa matandang lalaki na sa kabila ng edad na seventy-four years old ay matikas at nakakamanghang malakas pa ang katawan. Masaya naman itong tumawa sa komento niya.

"Narinig mo 'yun, kumpadre? Hindi lang pala maganda ang anak mo, magaling ding mambola," baling nito sa daddy niya na mukhang nasiyahan din sa narinig.

"Oo nga, eh. Nagmana 'ata sa 'kin. Ganyang-ganyan din ako sa asawa ko noon," pabirong tugon ni Eli sa kaibigan. Lalong nagkatawanan ang dalawa. Nahawa na rin tuloy siya sa mga ito.

“Hindi po ako nambobola,” nakangiti niyang tanggi.

“Siya, tama na ’yang bolahan na ’yan,” putol ni Uncle Freddie sa katuwaan at makahulugang tumingin sa kaibigan. Mukhang naintindihan iyon ni Eli at bumaling sa kanya.

“Uhm… Jade, I’d like you to meet this young gentleman here,” her father said as he gestured a hand toward the guy beside Uncle Freddie.

*Gentleman, huh?* sa loob-loob niya habang pigil ang sarili na magtaas ng kilay.

“Fabian Contez. He’s your Uncle Freddie’s grandson,” patuloy nito at sa lalaki naman bumaling. “And, Fabian, this is my daughter, Jade.”

Tinipon niya lahat ng lakas ng loob para tingnan si Fabian na kanina pa niya iniiwasang gawin. At kahit pakiramdam niya ay nanginginig ang mga labi ay pinilit pa rin niyang ngumiti rito saka inilahad ang isang palad para makipagkamay. Muntik pa siyang mapapitlag nang abutin iyon ng lalaki. Parang may kuryenteng dumaloy sa katawan niya mula roon. Pero pinilit niyang huwag magpaapekto.

“Hi! Nice meeting you,” kunwari ay masaya niyang bati sa binata. Hindi pa rin siya nakakalimot

sa atraso nito sa kanya.

"It's my pleasure finally meeting you, Jade," turan ni Fabian at ngumiti sa kanya. Kampante lang ang mukha nito. Hindi na makikita ang gulat na sandaling dumaan sa mukha nito kanina.

Pakiramdam naman ni Jade ay malulunod siya sa suwabeng boses nito.

*Nakakainis! Guwapo na nga, maganda pa sa ears ang voice!* Dapat kinaiinisan niya ito at hindi siya dapat parang yelo na natutunaw sa tingin nito. Dapat din niyang tandaan na napahiya at nainsulto na siya sa harap ng lalaki at hindi na dapat maulit pa iyon. Dapat, dapat at marami pang dapat.

"Sa tingin ko, mas okay kung sa komedor na natin ituloy ang pag-uusap. Nakahanda na rin ang hapag," suhestyon ng daddy niya.

"Tama ka, Eli. At tayong dalawa na ang manguna sa pagpunta sa komedor," ani Señor Freddie na halatang gusto lang pagsabayin silang dalawa ni Fabian. Nasundan na lang niya ng tingin ang magkaibigan.

"Shall we?" aya ng binata. Nakalapit na ito sa kanya at inilahad ang isang kamay para alalayan siya.

Napasimangot naman si Jade. Sa distansya nila ngayon ay amoy na amoy niya ang mabangong men's cologne na humahalo sa natural na amoy ni Fabian. Para tuloy gusto niyang yakapin ang lalaki. Asar! Bakit ba maraming nasalong good qualities ang kumag na ito?

"No, thanks," suplada niyang tugon saka naunang naglakad. Iniwan niya ang lalaki na nakamaang sa kanya dahil sa biglang pagbabago niya ng mood.

*Manigas ka! Wala akong balak makipagplastikan sa 'yo kapag tayo lang dalawa, unggoy!* gigil niyang sabi rito sa kanyang isip.

*HAY… sana, hipon, nakakapagsalita ka,* piping hiling ni Jade sa buttered shrimps na hinihiwa niya sa kanyang pinggan. Sa tingin niya ay mas makaka-relate siya sa hubad na hipon kaysa sa pinag-uusapan ng mga kasalo sa hapunan.

She expected to hear a conversation about wedding or anything regarding that topic. Pero heto siya, mukhang tanga sa pakikinig sa dialogue ng tatlong lalaki. Worse, hindi siya makapag-contribute sa usapan. Hanggang tango, ngiti at iling lang ang nagagawa niya kapag nababato ng mga yes-no

questions.

Ano ba ang malay niya sa business, world market, stock market at kung anu-ano pang market? At ano naman ang pakialam niya sa buhay-buhay at kalagayan ng mga negosyante at kompanya? Negosyo nga ng kanyang ama, never pa siyang nagkaroon ng care, iyong sa iba pa kaya?

*Ano ba 'to, board meeting?* sa loob-loob niya saka lihim na tumingin kay Fabian na kasalukuyang nagsasalita. Sa tingin niya, sinasadya rin nito na huwag malihis sa ibang bagay ang paksa. Nahalata siguro ng lalaki na wala siyang alam sa mga usaping pang-negosyo. Mukhang gumaganti ito sa pang-iiwan niya rito kanina.

In fairness, the guy seemed very impressive when it came to business. Mukhang may sense ang mga ideya at opinyong lumalabas sa bibig nito. Base na rin iyon sa mga positibong reaksyon na nakukuha sa mga nakatatandang beterano na sa larangang iyon.

Bigla siyang nag-iwas ng tingin nang tumingin sa direksyon niya ang binata. Hindi niya kaagad napansing wala na rito ang spotlight. Dama niya ang pagkalat ng hiya sa katawan dahil huling-huli siya ni Fabian na nakatingin dito kahit matagal na

itong hindi nagsasalita.

Naman! Kailan ba matatapos ang mga kahihiyan niya?

"Freddie, natatandaan mo ba ang ikinukuwento kong mga bagong koleksyon kong alak na galing Italy?" anang daddy niya. Sa wakas, matatapos na rin ang kalbaryo ng dalaga.

"Oo naman, noon ko pa gustong makita ang mga 'yon… at malasahan," masayang tugon ni Freddie.

Lalong natuwa si Jade. Siguradong hindi na kakailanganin ng mga ito ang kanyang presence at hindi na rin tututol ang mga ito kung papasok na siya sa kuwarto niya. Isa pa, sa inuman din naman mauuwi ang tatlo.

"Kung gayon, tayo na sa itaas," ani Eli. Magsasalita na rin sana siya para magpaalam nang balingan siya nito. "Jade, bakit hindi mo dalhin si Fabian sa garden? Magkape kayo doon habang nasa 'taas kami ni Kumpadre."

Hindi na siya nakapag-react sa suhestyon ng ama dahil umalis na ito kasama ang kaibigan.

"I hope hindi mo na uli ako basta iiwan," narinig niyang sabi ni Fabian. Unti-unti ang ginawa niyang

paglingon dito. Then, she saw him smiling at her meaningfully.

Inismiran niya ito saka naglakad palayo.

# 5

"Hey! Di ba't kasasabi ko lang—" pahabol ni Fabian kay Jade na basta na lang umalis matapos siyang ismiran. "Iniwan na naman ako," napapailing niyang bulong sa sarili saka tumayo para sundan ang babae. Nakita niya na lumabas ito sa isang sliding door.

Napapangiti siya habang naglalakad. Ngayon lang siya iniwan at tinalikuran ng isang babae. Si Jade pa lang ang gumawa ng ganoon sa kanya. He was purely amused by her and he figured, there was always a first time for everything.

Natagpuan niya ito na nakaupo sa swing sa garden. Prente naman siyang pumuwesto sa mismong tapat ng babae na nakahalukipkip at mukhang desididong hindi siya tingnan at kausapin. Pero okay lang iyon sa kanya. Mas gusto niya sa ngayong pagmasdan lamang si Jade.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwalang ang babaeng nakabunggo sa kanya sa parking lot ay siya ring gustong ipakasal sa kanya ng abuelo. Talk about coincidence.

“So you’re my wife-to-be?” untag ni Fabian sa katahimikan nito. Nagtagumpay naman siya. Tumingin sa kanya si Jade na lalo lang napasimangot. But still, he found her cute.

Actually, she was really beautiful. She had round eyes with thick and long lashes. Her nose was small and looked delicate just like her chin. And her lips were red and full that made them look really sexy and sweet.

Her face was small and defined with high cheekbones to die for. Plus, flawless skin.

“Ako nga. And unfortunately, you are my groom-to-be,” tugon ni Jade. Parang nalugi ang hitsura nito at sukang-suka sa ideya.

Pero sa halip na mainsulto o mainis si Fabian ay naaliw pa siya. Ang tingin niya kasi sa dalaga kapag nagagalit at sumisimangot ay lalong gumaganda. Bibihira ang ganoong babae.

“Bakit may pakiramdam akong hindi mo gustong magpakasal sa ’kin?” painosenteng tanong niya.

“Bakit ikaw, gusto mo bang patali dahil sa isang kasunduan ng ibang tao?” paismid na tugon nito. Ibinalik lang nito ang tanong sa kanya.

"Of course, at first, tumutol talaga ako. But now…" aniya na sinasadyang ibitin ang mga sasabihin. "I think I'm starting to like my grandfather's idea," patuloy niya na lalong nasiyahan sa nakitang reaksyon ng kaharap. Magkahalong inis at mangha ang nasa mukha nito. "Pero kung ayaw mo talaga, puwede ka namang umatras, di ba?" dagdag pa niya bilang pang-asar sa dalaga. He was really enjoying this.

HINDI NAGKAMALI si Jade. May hidden agenda rin ito tulad niya. Gusto raw magpakasal sa kanya, sino ang niloloko ng kumag na ito?

*If I know, gusto mo lang talaga na ako mismo ang umurong sa kasal para hindi ikaw ang lumabas na masama. But, you won't succeed, Fabian Contez.* Dahil gagawin niya ang lahat para ang lalaki ang umayaw.

"Wala sa plano ko ang mag-back out. Hindi ko susuwayin ang daddy ko," pahayag niya. Nagkukukot ang kalooban niya nang pagtawanan lang siya ng kaharap. Mapang-asar talaga ang mokong.

"Then, bakit parang bibitayin ka bukas? Lagi kang nakasimangot kapag tayo lang dalawa ang

magkasama," sabi nito na kitang-kita ang kasiyahan sa mukha. Parang tuwang-tuwa itong pikunin siya.

"Ano'ng gusto mo? Magdiwang ako?" sagot niya na tiningnan ito nang masama. "Saka wala ka nang pakialam kung anuman ang pakikitungo ko sa 'yo!"

"Well, darling, I'm sorry but I do mind," tugon ng lalaki na hindi man lang nasindak sa katarayan niya. "Kung talagang magpapakasal tayo at magiging mag-asawa, dapat magkasundo tayo at hindi nagbabangayan. We should be nice to each other, love," masuyong paliwanag nito.

Ibinuka ni Jade ang bibig para sumagot pero kaagad din niyang itinikom iyon. Hindi niya dapat pinapatulan lagi si Fabian. Halata namang pinaiinit lang nito ang dugo niya. Saka siya rin naman ang lumalabas na asar-talo. At kung patuloy siyang magpapaapekto rito, siguradong sa bandang huli ay siya ang mapapaurong ng lalaki sa kasunduan ng dalawang matanda.

Isa pa, hindi niya alam ang iisipin sa sinabi nito. Silang dalawa, magiging mag-asawa? Parang ayaw iyong tanggapin ng kanyang kalooban, pero aaminin niyang nakadama siya ng kilig sa puso nang marinig ang mga ginamit nitong endearment kahit na alam niyang walang kahulugan iyon kay Fabian.

At siyempre, hindi siya pabobola sa mokong na ito. Siguradong marami nang babae ang naloko nito. Halata naman kasing dalubhasa ito sa pambobola at pambababae at hindi siya magiging isa sa mga babaeng iyon!

"Ayoko nang pag-usapan ang tungkol sa kasal-kasal na 'yan. Saka ni wala ngang nabanggit sina Daddy tungkol d'yan kanina," aniya sa tonong nagdi-dismiss.

"Ano sa tingin mo ang dahilan kung bakit magkaharap tayo ngayon? Wala pa silang nababanggit kasi kakikilala lang natin. But believe me, one of these days, magkakaroon din ng pag-uusap para sa kasal natin." Kalmanteng-kalmante ang mukha nito.

Tingin niya kay Fabian ay hindi naaapektuhan kahit katiting ng mga pambabara at pagsusungit niya. Mahaba pa yata sa expressway ang pisi ng pasensya nito. Kunsabagay, negosyante ito at alam niyang kailangan nito iyon sa larangang pinasok. Bukod doon, ang alam niya ay may edad na rin ito. Kung hindi siya nagkakamali ay nasa early thirties na ito.

Natigilan si Jade sa huling pumasok sa utak. Bakit ba hindi niya kaagad napagtuunan ng pansin

iyon? Maaari nga niyang gamitin iyon na dahilan para hindi ito pakasalan.

"By the way, how old are you?" tanong ni Jade. Nakita niyang natigilan ang kausap. Malamang na hindi nito inaasahan ang paglilihis niya sa paksa at lalong higit ng pagtatanong sa age nito. Nahihiya kaya itong sabihin ang tunay na edad?

Mukha namang nakabawi ito at muling ngumiti sa kanya. Pero hindi na iyon katulad ng ngiti nito kanina na nang-aasar. Parang alanganin na ngayon.

"Didn't you know it's rude to ask somebody's age?" pa-cute na turan nito. "But anyway, I'm thirty-four."

"You're thirty-four?" ulit niya. "Ako, alam mo ba kung ilang taon na ako?" pagkuwan ay seryosong tanong niya.

Ilang sandali pa ang hinintay niya para marinig ang sagot nito. "Yes. Twenty-four," anito matapos siyang titigan. "Why?" Kumunot ang noo nito dahil sa nakitang kaseryosohan niya.

"Wala lang," kunwari ay bale-wala niyang sagot. "Pero malaki pala ang agwat ng edad natin, 'no?" Painosente ang kanyang tono. Hindi siya nakatingin kay Fabian nang sabihin iyon, sa halip ay naging

interesado siya sa mga kuko ng kaliwang kamay niya.

"Does it matter to you?" he asked. Parang may narinig siyang uncertainty sa boses nito.

"No. No, it doesn't matter." Todo iling siya. Balewala naman talaga iyon sa kanya. Okay lang kung medyo may kalayuan ang mga edad nilang dalawa. Ang totoo ay gusto lang niyang guluhin ang isipan ni Fabian. "Nasabi ko lang. 'Yun lang." Ngumiti siya sa kaharap.

Tinitigan siya nito na tila tinatantya kung nagsasabi siya ng totoo o kung mayroon pa siyang ibang ibig ipahiwatig. Mukhang napaisip din ang magaling na lalaki.

*'Ayan! Ganyan nga. Unfair naman kung lagi na lang ako ang nalilito mo. Paminsan-minsan naman ay magkaroon ako ng kahit kaunting epekto sa 'yo,* sa loob-loob ni Jade.

HALF PAST NINE in the morning. Ayon iyon sa orasan niya sa night table. Tinatamad na bumangon si Jade at nagsuot ng roba bago nagtungo sa pinto upang harapin ang nambulahaw sa tulog niya. Hindi ba nito alam na puyat siya? Hindi naman inabot ng

hatinggabi ang mga bisita nila noong nagdaang gabi kaya lang hindi rin siya kaagad dinalaw ng antok. At kasalanan ni Fabian ang lahat.

Kahit kasi wala na sa paningin niya ang binata ay hindi naman nito nilubayan ang kanyang isipan. Nagkagulo pa ang buo niyang sistema dahil sa pabagu-bagong damdamin habang iniisip ito. Mayroong pagkakataong inis na inis siya rito, mayroon din namang kinikilig siya o humahanga sa lalaki. Para tuloy siyang baliw.

"Bakit ba?" inaantok niyang tanong sa napagbuksang maid. Hindi rin niya naitago ang kaunting iritasyon sa boses.

"Bumaba ka na daw, sabi ng daddy mo," alanganing tugon ni Maita.

Medyo nagising siya at nagtaka sa narinig mula sa katulong. Maagang mag-agahan ang kanyang ama saka nauuna na itong kumain sa kanya kapag tinatanghali na siya ng gising… na madalas mangyari.

"Hindi pa nagbe-breakfast si Daddy?"

"Kumain na si Sir. Ipinatawag ka niya kasi nand'yan na si Sir Fabian," anang kasambahay.

Tuluyan namang lumipad ang inaantok niyang diwa nang marinig ang binanggit nitong pangalan. “Si Fabian?” paniniyak niya.

“Oo, ’yung guwapong bisita ninyo kagabi!” biglang excited na sabi ni Maita. Para itong teenager na kinikilig. Mukhang nagka-crush pa kay Fabian. “Paalis na talaga ang daddy mo nang dumating siya. Sa pagkakarinig ko, sinusundo ka niya kasi may napag-usapan daw kayong lakad ngayon.”

“May lakad daw kami?”

“Oo. Bakit, wala ba?” anito na nalito sa reaksyon niya.

“Si Daddy?” Hindi niya pinansin ang tanong ng kausap.

“Umalis na pagkatapos na ibilin sa ’kin na pababain na kita. Si Sir Fabian na lang ang nasa sala. Hinihintay ka.”

“Gan’on?” nasabi lang ni Jade saka ibinilin sa katulong na sabihin sa buwisita na maghintay.

Ano naman ang gustong palabasin ni Fabian? Nang nakalipas na gabi ay umaatikabong asaran lang ang namagitan sa kanila at hanggang sa umalis ito at ang lolo nito ay wala siyang narinig

na nagpahiwatig man lang ang fiancé niya kuno na may pupuntahan sila ngayon.

*Ano ba iyan?* Bago siya makatulog ay ang lalaki ang nasa isip niya. Ngayon naman, ito pa rin ang sasalubong sa umaga niya.